



NAETISL

National Association of
Educational Translators and
Interpreters of Spoken Languages



MODDC

Missouri
Developmental
Disabilities Council

Mga Mag-aaral ng Ingles na may Kapansanan Isang Gabay para sa Magulang

Funding for the Supporting Language Access in Schools Project in Missouri provided by the Missouri Developmental Disabilities Council, was supported by the Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) as part of a financial assistance award totaling \$1,361,246 with 100 percent funding by ACL/HHS. The contents are those of the author(s) and do not necessarily represent the official views of, nor an endorsement, by ACL/HHS, or the U.S. Government.



naetisl@gmail.com

NAETISL



Follow us



MODDC



moddc@moddcouncil.org



www.naetisl.org

www.moddcouncil.org





Mga Mag-aaral ng Ingles na may Kapansanan Isang Gabay para sa Magulang

1. Sino ang mga Mag-aaral ng Ingles (EL)?

Ang mga Mag-aaral ng Ingles ay mga mag-aaral na ang unang wika ay hindi Ingles at nagpapaunlad ng mga kasanayan sa wikang Ingles habang pumapasok sa paaralan. Nagbibigay ng suporta sa wika bilang serbisyo ang mga paaralan upang matulungan ang mga EL na matuto ng Ingles at magtagumpay sa akademiko.

2. Maaari bang may kapansanan din ang isang Mag-aaral ng Ingles?

Oo. Ang ilang mga Mag-aaral ng Ingles ay may mga kapansanan na nakakaapekto sa pag-aaral, komunikasyon, paggalaw, kalusugan, paningin o pandinig, Ang mga estudyanteng ito ay minsan tinatawag na may “dalawang pagkakakilanlan” (dually identified) na mga mag-aaral dahil kwalipikado sila para sa parehong suporta sa wikang Ingles at sa mga espesyal na serbisyo.

3. Paano natutukoy ng mga paaralan kung may kapansanan ang isang Mag-aaral ng Ingles?

Kailangang maingat na hinihiwalay ng mga paaralan ang mga epekto ng limitadong kasanayan sa Ingles mula sa mga palatandaan ng posibleng kapansanan.

Bago subukan ang mga isyu sa kapansanan, ang mga paaralan ay::

- Sinusuri ang background ng wika ng mag-aaral at pag-unlad sa Ingles.





- Isasaalang-alang kung gaano na katagal na ang mag-aaral ay nakakatanggap ng pagtuturo sa wikang Ingles.
- Titingnan ang tagumpay ng pagtuturo sa Ingles at sa wikang pantahanan ng mag-aaral.

Kung nahihirapan ang mag-aaral sa parehong wika, maaaring magsagawa ang paaralan ng isang espesyal na ebalwasyon sa edukasyon sa wika o mga wika na pinakanaiintindhan ng mag-aaral.

4. Anong uri ng ebalwasyon ang ginagamit?

Maaaring kabilang sa mga pagsusuri ang:

- Mga pagsusuri sa kognitibo at akademiko.
- Pagsubok sa pagsasalita at wika (sa parehong wika kung maaari).
- Obserbasyon sa silid-aralan
- Input mula sa mga magulang, guro at bilingual na staff.

Ang lahat ng pagsubok ay dapat maging patas, angkop sa kultura, at hindi kumikiling nang laban sa mga mag-aaral na nag-aaral ng Ingles.

5. Anong mga serbisyo ang maaaring matanggap ng isang mag-aaral na may “dalawang pagkilanlan?”

Maaaring makatanggap ang mga mag-aaral na ito ng:

- Pagtuturo sa pag-unlad ng wikang Ingles (ELD) mula sa isang guro sa English as a Second Language (ESL) o isang bilingual na guro
- Mga espesyal na serbisyo sa edukasyon tulad ng therapy sa pagsasalita, therapy sa gawain, o espesyal na pagtuturo.
- Mga akomodasyon tulad ng dagdag na oras, biswal na suporta, o tulong na bilingual help.





Ang koponan ng IEP, kabilang ang mga magulang, ang gumagawa ng desisyon tungkol sa kung anong ELD at mga espesyal na serbisyo sa edukasyon ang matatanggap ng mag-aaral, at kung paano maibibigay ang mga serbisyong ito. Ang parehong hanay ng mga serbisyo ay dapat na maiugnay upang ang mag-aaral ay matuto nang epektibo sa parehong mga larang.

6. Sino ang responsable sa pagbibigay ng mga serbisyong ito?

Naghahati ng responsabilidad ang koponan ng espesyal na edukasyon at ang mga kawani ng programa ng English Learner. Nagtutulungan sila upang magplano at maghatid ng pagtuturo na sumusuporta sa parehong pag-aaral ng wika at ng indibidwal na pangangailangan sa pag-aaral ng mag-aaral.

7. Ano ang gampanin ng magulang?

Mahalaga ang gampanin ng magulang sa:

- Pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa background sa wika at mga lakas ng kaniyang anak.
- Pakikilahok sa mga pagpupulong ng IEP (Indibidwal na Programa para sa Edukasyon).
- Pagtatanong at pagpapahayag ng kanilang mga pananaw tungkol sa mga serbisyo at layunin.
- Pagsuporta sa pag-aaral sa pantahanang wika pati na rin sa Ingles - ang parehong wika ay mahalaga!

8. Ano ang kasama sa isang IEP para sa isang Mag-aaral ng Ingles?

Ang IEP ay dapat:

Tukuyin kung paano ibibigay ang mga serbisyo at kanino.





- Ilarawan kung paano nakakaapekto sa pakikilahok sa pagtuturo ng mga pangangailangan pangwika.
- Isama ang mga layunin para sa parehong pag-unlad ng wika at pag-unlad ng akademiko
- Tukuyin kung paano ibibigay ang mga serbisyo at kanino.
- Ipaalam kung paano susukatin ng paaralan ang pag-unlad at ipaalam ito sa pamilya.

9. Paano kung kailangan ng mga magulang ng impormasyon sa kanilang wika pantahanan?

Kailangang magbigay ang mga paaralan ng mga tagasalin sa mga pagpupulong at ng mga isinalin na dokumento (tulad ng mga IEP, ulat sa pagsusuri, at mga abiso) sa piniling wika ng pamilya, hangga't maaari. May karapatan ang mga magulang na maunawaan at lubos na lumahok sa mga desisyon tungkol sa kanilang anak

10. How 10. Paano suportahan ng mga magulang ang kanilang anak sa bahay?

- Patuloy na gamitin at paunlarin ang wikang pantahanan - nakakatulong ito sa pag-aaral ng Ingles.
- Regular na makipag-usap sa mga guro at espesyalista.
- Hikayatin ang pagbabasa, pakikipag-usap, at pag-aaral sa parehong wika.
- Ipagdiwang ang pag-unlad sa maliliit na hakbang — matagal ang paglago ng wika.

11. Anong mga karapatan mayroon ang Mga Mag-aaral ng Ingles na may kapansanan at ang kanilang mga magulang?

Ang mga mag-aaral at magulang ay may lahat ng karapatan sa ilalim ng:





- Ang Batas sa Edukasyon ng Mga Indibidwal na may Kapansanan (IDEA) — na nagagarantiya ng mga espesyal na serbisyo
- Pamagat VI ng Batas ng Karapatang Sibil at ang Batas ng Bawat Mag-aaral ay Nagtatagumpay (ESSA) — na ginagarantiyahan ang pag-access sa wika at pantay na oportunidad sa edukasyon.

Dapat tiyakin ng mga paaralan na ang mga mag-aaral ay hindi pagkakaitan ng mga serbisyo sa isang larang dahil sa isa pang larang.

May mga tanong pa?

Makipag-usap sa coordinator ng espesyal na edukasyon ng iyong paaralan, o sa prinsipal. Maaari mo ring kontakin ang Parent Training Information Center (PTI) ng iyong state para sa libreng suporta.

Paano ako makakakuha ng tulong sa aking wika?

Humiling ng mga serbisyo ng interpreter sa paaralan ng iyong anak o sa tanggapan ng distrito ng paaralan. Humiling ng isinalin na nakasulat na impormasyon kung kailangan. Ang impormasyong nagagamit ng lahat ng mga magulang sa distrito ng paaralan ay dapat nagagamit mo din.

